

# 1

Habang pumapailanlang ang *Symphony No. 25* ni Wolfgang Amadeus Mozart ay walang patid ang mabini at maliksing pag-indayog ng katawan ni Anika. Ang talampakan niya ay hindi minsan mang sumayad sa stage, nakatuwid ang kanyang mga paa habang halos ang hinlalaki lamang niya ang tuwinang nakaapak habang umiikot at tumatalon. Kitang-kita niya sa audience ang hindi maitagong paghanga sa ginagawa niyang pagsayaw sa kanyang kompletong ballet costume na suot. She smiled with poise and class to the people watching her performance. Sa kanyang pag-ikot ay saglit na nadaanan niya ng tingin si Andrew, at ang ngiting nakita niya sa mukha nito ay nagpataba sa kanyang puso. Ngiti iyon ng pagmamalaki at paghanga sa kanya. Matamis siyang ngumiti at mas pinag-igi ang pagsayaw.

Isa siyang ballet dancer by profession, at nakikilala na sa bansa. Ang presentation na nagaganap ngayon ay halos limang buwan din nilang pinaghandaan. Ilang minuto na lang at matatapos na ang buong presentation at kitang-kita na niya ang success na naghihintay sa kanila sa pagtatapos ng gabi. Muli siyang ngumiti at tumakbo sa kabilang panig ng

stage kung saan naghihintay sa kanya ang kapareha sa pagsayaw.

Isang dipa ang layo mula rito ay tumalon na siya at kaagad naman nitong inabot ang kanyang baywang, raised her up in the air using one hand as she extended her legs and posed like a mannequin in the air habang umiikot ang lalaking may buhat sa kanya. She smiled inwardly when she heard the suppressed gasps of awe from the audience. Hindi niya napigilang muling lingunin ang katipan, pero ang katabi nito ang nakakuha ng kanyang atensyon.

A yawning guy with watery and bored eyes turned her smile into an annoyed look. Mabilis niyang inilayo ang paningin sa lalaki sa takot na masira nang tuluyan ang pa-sweet na expression na nasa mukha niya. Isa pang ikot bago naglaho sa ere ang tugtog at pinalitan ng masigabong palakpan. Bumalik ang ngiti sa kanyang mga labi. Iminuwestra niya ang mga kasamahan bilang pag-acknowledge sa mga ito at sabay-sabay silang nag-bow at hinintay ang pagbagsak ng curtain.

“Great job, guys!” bulalas ni Murphy, ang bading nilang director/choreographer. “Lalo ka na, Anika! Goodness, para kang diyosa kanina sa stage! You were exquisite!” Kitang-kita niya sa mukha nito ang

paghanga. Mahigpit siya nitong niyakap na mainit naman niyang tinugon.

“Thank you, Murph. Hindi ko ’yun magagawa kung hindi dahil sa ’yo!”

Pabulong ang ginawa nitong pagsagot. “Sa atin-atin lang ’to, ha, but I doubt it kung gugustuhin ko pang mag-direct ng show kung hindi lang naman ikaw ang ballerina.”

Mas lalo siyang napangiti. “That’s very sweet...”

“O, siya, siya... Pakakawalan na muna kita at nang makapagbihis ka. Sinabi sa akin ni Andrew na hihintayin ka niya sa lobby.”

Lumayo na siya rito. “Okay... Thanks again. I’ll call you tomorrow.”

Paglabas pa lang ni Anika sa elevator ay nakita na niya si Andrew na nakaupo sa mga upuan sa lobby ng sikat na hotel na pinagganapan ng dance. Kaagad na tumayo ang binata na may bitbit na kumpol ng mga bulaklak at sinalubong siya.

“Sweetheart! Narinig mo na siguro ’to nang ilang ulit ngayong gabi, but you were amazing tonight! I thought I was watching a movie... You were flawless!” Hinalikan siya nito sa magkabilang pisngi at mahigpit

na niyakap.

“Thanks, Drew,” she answered appreciatively. “And also for coming... Akala ko di ka na naman makakarating.”

Binitawan siya nito at muli siyang hinalikan sa magkabilang pisngi. “Sweetheart, I told you, hindi na mauulit na hindi ako makaka-attend ng sayaw mo. I won’t miss it for the world.” Hinaplos pa nito ang kanyang pisngi at mapagmahal siyang tinitigan.

Pinagmasdan niya ang guwapong mukha ni Andrew. It was full of humility and love for her. Hindi pa rin niya makalimutan ang nangyari mag-aanim na buwan na ang nakakaraan, nang magkaroon sila ng dance concert tribute for Ludwig van Beethoven’s music. Nangako ang katipan na dadalo ito sa nasabing concert, pero sa mismong araw ng event ay nagpaalam itong hindi makakapanood dahil daw may emergency at naaksidente ang kaibigan nito. O iyon ang sinabi rito ng kabigan.

As it turned out ay inakala lang pala ng kaibigan nitong may nabuntis at nagpapasamang magpakalasing sa pagpipighati dahil ayaw umano nitong magseryoso. She hated that day, and she hated her boyfriend’s friend more for being so childish and inconsiderate.

“Anika, Anika, Anika... What a lovely ballerina!”

Walang ka-effort-effort na tumirik ang kanyang mga mata pagkarinig ng boses na iyon. Hindi na niya ito kailangang lingunin para malaman kung sino. She would recognize that deep, husky baritone even in her deepest slumber. Sa halip na lingunin ito ay hinarap niya ang katipan.

“Bakit mo siya sinama dito?” Hindi maitago ang pagkairita sa boses niya.

“Hindi ka ba natutuwa? Another interested viewer? Gustong-gusto ka raw niyang makitang mag-perform, kaya sinama ko na. He enjoyed it, you know.”

“He enjoyed it?” ulit niya. “He was yawning the whole time he was watching!”

Numipis ang mga labi ni Andrew sa pagpipigil na matawa. “At least he bought tickets, he bought five, actually. Pambawi raw niya sa atraso niya sa ’yo dati.”

Mas lalong nangunot ang kanyang noo. Kaya pala may nakita siyang apat na bakanteng upuan sa front row kanina. Ipinagtaka niya iyon dahil ang alam niya ay sold-out ang show. Ang pangit tuloy tingnan dahil parang kinulang sila sa audience. Noon na niya hinarap ang lalaking ramdam niyang malapit na sa

likuran niya.

“Hinayaan mong bakante ang apat na upuan sa unahan?” bungad niya rito.

Ang inip pero nangingslap nitong mga mata ang sumalubong sa kanya. Itim na itim iyon na pinarisan ng makapal at itim na itim ding mga kilay. Sa gilid ng kaliwang kilay nito ay may silver na hikaw, ganoon din sa kabilang tainga. Ang magulo at napakaitim nitong buhok... sa tingin niya ay hindi man lang pinadaan ng suklay matapos maligo. Umabot iyon sa batok nito. He had an upright nose and full red lips that looked so soft, pero kinontra ng balbas nito sa baba na wari niya ay sadyang pinahaba nito. Tuloy-tuloy iyon sa panga nito hanggang sa puno ng tainga na kung hindi siya nagkakamali ay pinakortehan pa nito sa parlor.

He was wearing an overused black shirt with *Led Zeppelin* printed on it at itim na hapit na pantalon na nakapaloob sa boots nito na animo’y dumaan sa pagkalalim-lalim na putikan.

Nakita niya ang pagkibit-balikat nito. “Yeah... but they were paid.” Kumindat pa ito sa kanya na para bang ikatutuwa niya ang sinabi nito.

Napailing-iling ang dalaga. “Bayad nga, pero

wala namang nanonood! Para na rin kaming nakulangan ng audience!” hindi niya mapigilang asik dito. “Hindi ka na lang sana nagsayang ng pera, I’m sure marami pang gustong bumili n’on. But you know what? Whatever! Alam ko namang hindi mo maiintindihan ’yon. Being in your stupid indie band, eh, wala namang bumibili ng mga tickets n’yo at hindi mo alam ang kalakaran sa tunay na entablado. You always say na hindi ka nagsell out kasi it’s not about the money for you, but just the music. Look at what you just did! You bought me off, thinking that I’ll be happy? God, you’re such a hypocrite!”

“Hey, Sweetie... Relax,” pigil sa kanya na Andrew na hinawakan ang braso niya.

Si Ethan naman ay naililing na napasipol. “Clearly, this is your time of the month...”

Naningkit ang mga mata ni Anika sa tinuran nito, pero pinili na lamang niya ang bumuntong-hininga kaysa patulan pa ito. She took comfort in the fact na hindi magtatagal ay hindi na niya kailangan pa itong pakiharapan.

She glanced at Andrew. Mag-iisang taon na rin silang magkasintahan; he was perfect. He was twenty-seven years old like his friend while she was only twenty-four. Engineer ito sa isang sikat

na construction firm sa bansa, responsible and definitely faithful. Pero nitong nakaraang mga buwan ay hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit hindi na niya maramdaman dito ang pagmamahal na naramdaman niya nang mga unang buwan ng pagiging magkasintahan nila. She didn't feel the thrill of being with him anymore. Ilang linggo na rin niyang pinag-iisipan kung paano ito sasabihin sa lalaki, pero hindi niya mapagdesisyunan.

Apparently, it's easier to break up with someone who did something wrong kaysa iyong kabutihan lahat ang ipinapakita. Ang gusto lang talaga niya ngayon ay ang magpakatotoo sa nararamdaman. She was never the one to settle on something that is untrue. Pero talagang nahihirapan siya sa tuwing kasama niya ang nobyo. Alam niyang mas masama kung patatagalin pa niya ang pagbitin sa sasabihin, dahil pareho na niyang niloloko ang sarili at ang lalaki.

“So, are you ready?” untag sa kanya ni Andrew.

“For dinner, right?” paniniguro niya. Alam niyang pag naroon si Ethan ay kung ano-ano ang maaaring maging itinerary nila.

“Yeah, dinner at my place.” Si Ethan ang sumagot. “Since hindi ka natuwa sa generosity na ginawa ko,



may baon pa ako. Nag-arrange ako ng victory party mo, sa bahay ko. My whole band is there, with few close people. May mga foods din.”

Hindi makapaniwalang muli niyang nilingon ang kasintahan na nakangiti sa kanya. Kulang na lang ay isigaw niyang: *Are you kidding me?*

“Isn’t that nice?” tila excited pa nitong tanong. “So, ano sa tingin mo?”

“I’ll pass.” Tuluyan nang nasira ang mood niya. Maybe this was one of the things that made her fall out of love with Andrew. For some reasons, sunud-sunuran ito kay Ethan which was so bad because she hated the latter. With conviction. She hated guys like him. Overbearing, arrogant, insensitive and a big jerk. Not to mention that many girls run after him and he enjoyed it thoroughly. Kung makapagpalit ito ng girlfriend ay ganoon-ganoon na lang. Nagdududa nga siya kung tao ba ito at may puso. Sa mag-iisang taon ding pagkakakilala niya kay Ethan ay hindi pa niya ito nakitang magseryoso ni minsan sa isang babae, when girls cry for him everytime.

“Bakit naman? It’s gonna be fun! You should see him sing...” udyok ni Andrew.

“I said no,” matigas niyang tanggi, sabay irap

kay Ethan na nakasunod ang tingin sa isang seksing babaeng napadaan. She pulled a disgusted look at nagpatuloy, “Pagod na rin naman ako, kaya uuwi na lang ako at magpapahinga.

“Are you sure?”

Tumangu-tango siya. “Yeah...”

“Okay, tara na. Ihahatid ka na muna namin.”  
Inakbayan siya nito.

“No, I have my car. Kita na lang tayo bukas.”

Muli itong natigilan, pagkaraan ay nagbuntong-hininga at tumango. “Okay, we’ll take you to your car.”

---

Tago ang pagkairita na nakasunod si Ethan sa magkatipan na naglalakad patungo sa parking area ng hotel. Kung hindi lang siya pinilit ni Andrew na manood ng dance ng nobya nito ay hinding-hindi siya pupunta. He hated social gatherings like this. Pero naikuwento sa kanya ng kaibigan ang panlalamig di-umano rito ng babae and his friend was worried. Pakiramdam niya ay may kinalaman siya sa nangyayari. He was well aware that Anika hated him, at dahil halos araw-araw silang magkasama ni

Andrew ay naisip niyang baka iyon ang dahilan kung bakit nanlalamig ito sa nobyo. He thought that maybe if he starts being nicer to her, kapag na-tolerate na nito ang presence niya ay bumalik na ang sweetness nito sa kay Andrew.

But looking at it now, mas nagalit pa yata ito sa ginawa niya. Malay ba niyang ikagagalit lalo nito ang pagkabili niya ng limang ticket. Nanguna pa man din siya noong first day na magbenta ng tickets ang mga ito. Hindi niya inaasahan na mauubos ang mga iyon, he didn't think that many people were interested watching such boring dance.

Napatikhim siya. Well, the dance wasn't boring at all. At least, Anika wasn't. Looking at her graceful swaying of hips in front of him reminded him of how her whole body swayed so sexily with every move kanina habang nagso-solo ito. Her long fingers, slender arms, narrow waist, shapely legs that could go on forever, simultaneously moving with the classical music; it was... breathtaking. Literally.

Hindi iilang beses na inilayo niya ang paningin dito kanina habang nagsasayaw because he was feeling like a complete bastard for feeling such strong attraction for Andrew's girlfriend. Iyon ang unang pagkakataong nakita niya itong mag-perform at hindi

niya inaasahang ganoon ito kagaling. Pang-world class na ang dating nito.

Everybody could be a ballerina, just be slim, flexible, and graceful. But Anika had so much more than that. She had this distinct air of classiness that was written all over her every move and every expression. It was like she was born a royalty. Her chin always in level with the floor, her moves calculated and her smiles were reserved. It seemed so precious na hindi nito basta-basta ipinamimigay. But who would want it, really. Her face deprived of any expression was already beautiful enough.

Anika had big brown eyes with long curls. Her eyes were so brown pakiramdam niya ay nakikita niya ang kaloob-looban nito, and it was beautiful. Her nose was small and pointed, iyong tipong ang sarap hawakan at pisilin. She had the most luscious pink lips that looked like petals of a blooming rose, and her skin... her best asset, for him anyway. Napakakinis nito, he refused to compare it to a porcelain because of its apparent softness. White and milky. The kind that would go red sa kaunting pagkakababad sa init. It was thin and many times, he had seen it go almost translucent in broad daylight. Nakikita niya ang pinung-pino nitong mga ugat sa sobrang kinis nito and he loved it. Anika was perfect—physically.

Dahil maliban sa panlabas nitong anyo ay wala na siyang makitang kaaya-aya rito. Anika was a classic maldita. Not in a mean way... But she was always prim and proper. The expression 'hindi makabasag ng pinggan' applied to her perfectly.

Hindi nito itinatago ang pagkadisgusto sa way of living niya and his ways with girls. Palagi na lang ay para itong naeskandalo kapag nag-uusap sila ni Andrew tungkol sa mga babaeng nakaka-affair niya at nagkakataong naroon ito at nakikinig. And she didn't settle in just frowning, talagang sinasabi nito ang nasa isip. That he was disgusting, and he was a pig. Kadalasan ay iyon ang nagiging dahilan ng kanilang away, minsan naman ay kung sinasama niya si Andrew sa gimmick niya. He sighed. Why was he even thinking about her?

Iritadong inabot niya ang cellphone. He would call some girls, hindi siya nag-imbata ng mga babae sa pag-aakalang sasama si Anika. Well, now that she refused to attend the party, this was going to be a boy's night in. A wild one, he was sure.

## 2

Tinawagan ulit ni Anika ang number ng katipan at muli lang ding nadismaya nang marinig ang recorded message ng network provider. *The subscriber cannot be reached. Please try your call later.* Pangpitong tawag niya na iyon nang umagang iyon. Ilang ulit na rin niyang tinawagan ang landline nito pero walang sumasagot. Kailangan niya itong makausap bago siya tumulak papuntang Cebu kung saan gagawin ulit nila ang presentation na ginawa nila nang nakaraang gabi.

Umagang-umaga pa lang kanina ay nakatanggap na siya ng tawag mula kay Murphy na nagsabing magpe-perform din sila sa Cebu dahil sa sobrang pumatok ito. They needed at least a week para masanay sa stage doon at maasikaso ang lahat ng technical matters ng presentation. Tatlong oras na lang at kailangang nasa airport na siya, doon na sila magkikita-kita ng buong crew at pati na rin ni Murphy.

Nang hindi na siya nakatiis ay ang bahay na ng mga magulang ni Andrew ang tinawagan niya. Baka roon umuwi ang katipan. Dalawang ring pa lang at

narinig na niya ang boses ng ina nito.

“Good morning, Tita. Si Anika po ito,” magalang niyang pagbati.

“O, Hija! Good morning, napatawag ka?”

“Itatanong ko lang po sana kung diyan umuwi si Andrew sa inyo kagabi. Hindi ko kasi siya ma-contact.”

“Hindi siya umuwi dito. Mag-iisang linggo na ngang hindi nagpapakita dito ang batang ’yon. Is everything all right?” Bakas sa boses nito ang pag-aalala.

“Yes po. Huwag kayong mag-alala, Tita. Aalis po kasi ako papuntang Cebu today, so gusto ko munang magpaalam sa kanya.”

“I’m sorry, Hija. Pero hindi ko alam kung nasaan siya. Have you tried contacting Ethan? Madalas magkasama ang dalawa.”

She almost rolled her eyes. Doesn’t she know it. “Uhm... hindi ko po alam ang number niya, eh.”

Narinig niya ang pagbuntong-hininga sa kabilang linya. “Hindi rin ako updated sa number niya. But if you want, I can give you the address.”

Sandali siyang natigilan. Would she go to Ethan's place? Hindi nagtagal ay naiiling na muli siyang nagsalita. "Okay, Tita."

Nang maibigay nito ang kompletong address ng binata ay nagpasalamat na siya at nagpaalam sa ginang. Halfheartedly ay nagbihis siya at wala sa sariling nagmaneho patungo sa address na nasa kapirasong papel na hawak niya.

Nang makarating sa nasabing lugar ay nagdalawang-isip siya kung tama ba ang bahay na nakikita niya. It didn't look like a house that someone like Ethan Achilles would have, or would live in. Mula sa kinatatayuan niya ay napakalawak ng bakuran na nakikita niya. May pathway iyon sa loob na tumutumbok sa portico ng mansyon. It was a modern mansion made with glass and concrete. Napipinturahan iyon ng asul at itim, bawat sulok ng napakalaking bahay ay mayroong madilim na salamin. Hindi makita ang anumang nasa loob niyon.

Siniguro muna niyang tama ang address na nakasulat bago niya pinindot ang doorbell. Nakakaapat na siyang pindot ay wala pa ring nagbubukas ng pintong natatanaw niya. Tiningnan niya ang lock ng gate at natuwa nang makitang hindi iyon nakakandado. Umingit ang bakal nang buksan



niya. Nilakad niya ang lawn hanggang sa marating niya ang pinto. Doon ay kumatok siya.

Napahinga siya nang maluwag nang maramdamang may gumalaw sa loob ng bahay at di nagtagal ay may nagbukas ng pinto. Nagulat pa siya sa nakita. Isang napakagandang babae ang nabungaran niya na halatang bagong gising. Ang mas ipinagtaka niya ay ang suot nitong pang-French maid. Gulong-gulo ang buhok nitong naka-ponytail.

“G-good morning...” alanganin niyang bati.

“May hinahanap po kayo?” tila nahihiyang tanong nito at inayos ang gusot na suot.

“Si... si Ethan. Nandiyan ba siya?”

Bago pa man ito nakasagot ay may narinig na siyang yabag ng mga paa papalapit kasunod ng pamilyar na boses. “Jelene, sino ’yan?”

Tinalikuran siya ng babae at nagsalita. “Sir, hinahanap po kayo.”

Bigla ay lumaki ang awang ng pinto at bumungad sa kanya ang walang suot na pang-itaas na si Ethan. May bitbit itong malaking baso ng Bloody Mary, nakakunot ang noo at halos hindi pa maimulat ang mga mata. Nahugot niya ang kanyang hininga nang

di-sinasadyang bumaba ang tingin niya sa dibdib nito. Ethan always looked skinny to her, pero hindi niya inaakalang may mga muscles ito. Skinny muscles as some would call them, but they were without a doubt magnificent to look at. Nakadagdag pa roon ang dragon nitong tattoo na nagsimula sa balikat nito at gumapang hanggang sa kanan nitong braso. He didn't have the six-pack abs, but she could swear that his muscled tummy wass just as hard. His boxers were so low that she saw his Apollo's belt at ramdam niya ang pag-akyat ng dugo sa kanyang mukha sa pag-iinit na bigla niyang nadama.

Hastily, she looked back up to his face and saw him grin sexily na tila alam nito ang tinatakbo ng kanyang isip.

“Good morning, Sunshine,” he said in his sultry voice.

Pilit niyang pinormal ang sarili. “H-hindi ko ma-contact si Andrew, 'andito pa ba siya?”

Nawala ang ngiti nito sa mukha at napalitan ng pagkakakunot ng noo. Ibinalik nito ang tingin sa loob ng kabahayan bago binalingan ang babe. “Jelene, anong oras umalis si Andrew kagabi?”

“Hindi pa ho siya umaalis, naroon ho siya sa

guest room,” narinig niyang sagot ng babae.

“Who is she?” hindi niya napigilang itanong.

Doon na bumalik ang ngisi nito. “One of my helpers.”

“In French maid uniform?”

“Yeah, why not?” balewala nitong sagot at nilingon pa ang magandang katulong na nagsimula nang mag-ayos ng mga nagkalat na bote sa living room.

“You’re disgusting,” nasabi na lamang niya. Pero bakit pa nga ba siya nagtataka? What did she expect? Ethan Achilles was a royal example of a playboy. “Look, can you just let me in? Kailangan kong makausap si Andrew.”

“Is everything okay?” Biglang nagkabahid ng concern ang mukha nito.

She just snorted. “Yeah, I just need to talk to him.”

“Okay, pasok ka. Second room to the right,” turo nito sa itaas. That’s the guest room.”

Hindi na siya kumibo at nagtuloy-tuloy na sa hagdanan.

“K-kaano-ano mo si Sir Andrew?”

Napalingon siya nang marinig ang alanganing tanong ni Jelene. Nakita niya ang nagbabadyang takot sa mukha nito. “He’s my boyfriend,” sagot niya at tinalikuran na ang dalawa.

Hindi na nakita ni Anika ang pagrehistro ng matinding pag-aalala sa mukha ng babae at ang desperado nitong pagbulong kay Ethan. Ang sumunod niyang naramdaman ay ang paghawak ng binata sa kanyang braso habang nasa kalagitnaan na siya ng hagdanan.

“Hey, wait.”

Hindi siya nakakibo. Ang mainit at magaspang na kamay nito ay tila bumalot sa kanyang kabuuan, rendering her speechless and... weak.

“Nagkamali si Jelene, Andrew’s not the one in there, kundi isa pa naming barkada. Come on down.”

Doon pa lamang siya nakabawi at nagdududang nilingon ang binata. “Gusto ko pa ring i-check,” malamig niyang tugon at pumiksi rito. Ngunit muli siya nitong hinawakan.

“Wait, I’ll check it for you. Jelene, ikuha mo si Anika ng maininom.”

“I don’t want a drink, okay? I want to see him, ano ba’ng problema mo?” Humigit-kumulang ay alam na niya ang nangyayari, all she needed was a confirmation. But already, she could feel her heart ramming inside her chest, nag-iinit na ang tainga niya sa pigil na galit.

Wala nang nagawa pa si Ethan nang tuluy-tuloy na niyang buksan ang guest room na itinuro nito. And just like she already saw it coming ay bumungad sa kanya ang hubad na katawan ni Andrew na natatabunan ng puting kumot, ganoon din ang babaeng katabi nito na nakaunan pa sa dibdib nito. Both of them were sleeping peacefully.

“Shit!” narinig niya ang dismayadong mura ni Ethan na nakasunod sa likod niya. “I’m so sorry, Anika. This is all my fault.”

“Of course this is *your* fault!” she snapped. “I knew it, hindi magtatagal ay madadala rin si Andrew sa mga temptation na ini-introduce mo sa kanya.”

Napayuko ito. Ang mahabang buhok ay tumabing sa guwapong mukha na nagbigay rito ng maitim na aura. Nakita niya ang pagtagisan ng mga bagang nito. “He loves you, you should know that...”

“Oh, for God’s sake! We both know now, that that

is not true. Sabihin mo na lang sa—”

“Anika?”

Sabay silang napalingon sa naalimpungatan na si Andrew at nakita niya ang dahan-dahang pagrehistro dito ng pangyayari. Nanlalaki ang mga matang nagkumahog itong bumangon at nagsuot ng pang-ibaba.

“Anika, listen to me first... please...” Hindi pa nakakalapit sa kanya ay puno na ng remorse ang mukha at boses nito. Nagising na rin ang babaeng katabi nito at litong naitakip sa kahubdan ang kumot.

“Ano’ng papakinggan ko, Andrew? Na lasing ka? Inakit ka ng babaeng ’yan? Na nagpadala ka sa tukso?” sambulat niya rito. “I’m not going to listen to any of that. From now on, you’re on your own.” Hindi niya napigilan ang pagbagsak ng luha sa kanyang mga pisngi.

It’s not that she was hurting because she still loved him. Ang nakakasakit sa kanya ay ang kaalamang ang lalaking pinagbuhusan niya ng oras nang halos isang taon ay magagawa siyang lokohin nang ganito. She never expected this from him.

Andrew had always been a proper boyfriend, a very faithful one, pinagkatiwalaan niya ito, she

looked up to him. And was actually hating herself for falling out of love with him when he was a perfect catch. There had been many temptations on her part, pero ni minsan ay hindi niya naisip na patulan iyon kahit pa nga ba wala na siyang nararamdaman para rito. For her, it's all about respect. Funny na ito pa ang unang nagpadala sa tukso when he claimed that he loved her with all his heart. The possible friendship after their break-up faded into oblivion.

“No, no... please don't break up with me. I love you so much.” Hinawakan siya nito sa magkabilang balikat. “Ikaw ang gusto kong mapangasawa, I have planned our future. This... this girl. I... I don't even know her name.”

“She's Lily,” narinig niyang singit ni Ethan.

Nang lingunin niya ito ay madilim pa rin ang mukha nito, nakatiim-bagang at halos lumabas ang apoy sa mga mata nito na nakatutok kay Andrew. “And she is one of my maids, Andrew,” dagdag pa nito.

Napanganga si Anika sa narinig. Disgust crept all over her being, pero pinigil niya ang maghistrya. “I don't ever wanna see you again, Andrew. And don't make this anymore harder than it already is. If it's any consolation, I was already planning to break up with you. Ni hindi ko nga alam kung bakit, but I

felt that there was something missing, or there was something wrong. Hindi ko lang magawa because I didn't want to hurt you. Pero *ikaw* na rin ang gumawa ng paraan, you showed me the exact reason why I was feeling withdrawn. You're not the good guy you claim yourself to be." Bumuntong-hininga siya at tiningan ito nang derecho sa mga mata. "Goodbye, Andrew."

At nagmartsa na siya papalayo sa bahay na iyon. Feeling so heavy and relieved at the same time. Perfect getaway ang pagbiyahe niya sa Cebu.

---

Matamang pinagmasdan ni Ethan si Andrew na nakaupo sa kama at nakasubsob ang mukha sa mga palad.

"Help me, Ethan. Hindi ko kayang mawala siya..." he sobbed.

Hindi niya ito pinansin, sa halip ay binalingan ng tingin si Lily na walang imik na nagbibihis sa gilid ng kama. "You're fired," malamig niyang pagbibigay-alam dito.

"Sir, sorry po talaga. Huwag n'yo ho akong tanggalin sa trabaho, hindi ko ho alam na may girlfriend si Andrew."



“Bago ko kayo tinanggap dito upang magtrabaho sa akin ay nilinaw ko ang mga puwede at hindi n’yo puwedeng gawin. Unang-una kong sinabi, that there’s no way you’re going to sleep with me, nor with any of my guests. Leave now, Lily, bago pa tuluyang mag-init ang ulo ko.”

Laglag ang mga balikat na naglakad papalabas ng guest room ang katulong at iniwan silang dalawa ni Andrew.

“Ethan, what will I do? Hindi naman totoo ang sinabi niya, di ba? Na talagang makikipag-break siya sa akin. It was just her way to get back at me,” pagkumbinsi nito sa sarili.

“Ganoon ka ba talaga kalasing kagabi?” sa halip ay tanong niya. Pigil na pigil niya ang sariling lapitan ito at undayan ng suntok.

Narinig niya ang pagbuntong-hininga nito at umiling-iling. “Hindi, naging desperado na kasi ako. Ang pakikitungo pa sa akin ni Anika nitong mga nakaraang linggo... it made me feel incompetent.”

“So you f\*ck with my maid?” walang kagatul-gatol niyang segunda.

Umikot ang mga mata nito. “We both know they’re not just the typical maids. Mga babae sila sa

high-class strip clubs na madalas mong puntahan. And you offered them certain amount of money to work for you and at the same time save them.” Nag-quote pa ito nang sabihin ang ‘save’.

“They’re still my maids, no longer strippers, no longer the kind of girls that they used to be.”

Napailing ito. “Ethan, please, will you forget about them? Tulungan mo ako para bumalik sa akin si Anika. I really love her, and what I did last night was the stupidest thing I ever did in my entire life!”

“Mabuti’t alam mo,” sansala niya at tumayo na. “At dapat mo ring malaman na hindi kita tutulungan. You did this on your own, wala akong alam sa pangyayari. I basically passed out last night dahil sunod-sunod ang mga gigs namin nang mga nakaraang gabi. And what you did was unforgivable. I don’t like Anika, but I know that she’s a gem of a girlfriend. Kung hindi lang kita kaibigan ay baka nasapak na kita. So don’t expect me to help you out this time. Fix yourself and get out of my house.”

Lumabas na siya sa kuwarto at hinanap ng tingin si Jelene, at nang makita ito ay tinawag. “Jelene, bring me another Blood Mary in the studio, and call one of your friends. Lily needs a replacement.”

Hindi na niya hinintay na makasagot ito at tumuloy sa studio niya. He lit a cigarette, isinukbit ang itim na *Fender* sa kanyang balikat at humarap sa salamin. Nag-umpisa siyang kumaskas at gumapang sa buong kabahayan ang maingay na tunog ng kanyang electric guitar. Habang naggigitara ay humihithit siya while looking at his suave expression on the mirrored wall.

*“I’ve been thinking ’bout you, my love...”* simula niya sa pag-awit habang nakaipit pa rin sa bibig ang sigarilyo at bahagyang nakapikit ang kanyang mga mata. An image of a beautiful woman on his mind. *“...and all the crazy things that you put me through, now I’m coming around, throwin’ it back to you. Are you thinking of me? When you kiss him? Could you taste me when you lick his skin? And all the while I showered you with trust and promises... What I’m—”* Natigil ang pagkanta niya nang mawalan ng tunog ang gitara at microphone at mapalitan ng static.

“Help me, Ethan. I need you...”

“Damn!” gigil niyang turan nang makita si Andrew na hawak-hawak ang chord ng kanyang gitara.

# 3

“Yes, Mommy. I’ll be there for the anniversary of the foundation. Kadarating lang namin sa Cebu.” Nagpunas si Anika ng pawis habang patingin-tingin sa mga kasama na katulad niya ay naghihintay rin ng kanilang sundo.

“You know those people love you, Baby... It will be terrible kung hindi ka makadalo,” pagpapaalala ng kanyang ina.

“I promise, Mommy, I’ll be there, okay? Don’t worry. I need to go, ’andito na ang sundo namin,” pagpapaalam niya nang makita ang puting van na papalapit sa kinatatayuan nila.

“Okay, Baby. Good luck, and sorry dahil hindi kita mapapanood. It’s a really busy week.”

“No worries, Mommy, I understand. I will see you soon. I love you, ’bye!”

Sumunod na siya sa mga kasamahan na pumasok sa van habang nasa isip pa rin ang ina. Her mom was an active philanthropist. Naka-focus ito sa *Angelic Survivor*. Isa iyong foundation na pinangungunahan ng kanyang ina. The kids there were all cancer

victims na tinutulungan nilang maka-recover at ang mga nakakaligtas naman ay sinisiguro nila ang full recovery.

Anniversary ng *Angelic Survivor* sa susunod na buwan at sa tuwina ay naroon ang kanyang buong pamilya to celebrate and to give more donations. It was a simple yet heartwarming event at ni minsan ay hindi niya na-miss na mag-attend.

She was specially looking forward to see Billy, a twelve-year-old boy who was currently battling with brain cancer. He had the most angelic face she had ever seen at napakatalino nito. A sweet kid, na ilang ulit na niyang sinabihan ang mga magulang na ampunin ito, she had a soft spot for him. Maybe because she was an only child and she longed for a sibling, and Billy was the perfect one for her.

Di nagtagal ay narating nila ang *Waterfront Hotel*. Doon sila pansamantalang titira habang nasa Cebu at doon din mismo magpe-perform in six days. Nagmerienda muna ang buong crew bago tumuloy sa function room ng hotel. Ito ang venue ng show at ng magiging practice nila araw-araw. Mag-a-alas ocho na ng gabi nang matapos sila kaya pare-pareho nang pagod nang umakyat sila sa kani-kanilang kuwarto.

Supposedly ay kasama niya ang dalawa sa mga

kasamahan sa isang kuwarto, pero minabuti niyang bumukod ng silid at bayaran na lang iyon. She slept alone in her room all her life, kaya hindi siya sanay na may kasama.

“See you tomorrow, guys!” paalam niya nang madaanan nila ang kanyang kuwarto.

“See ya!”

Nag-i-stretch na binuksan niya ang pinto at kaagad na napakunot-noo nang may kakaibang maamoy. It smelled like... cigarette. Sinarado niya ang pinto at inikot ang paningin. Everything was the same nang iwan niya ito kanina. Ang bag niya ay naroon pa rin sa sofa ng kuwarto, the bed was still untouched. Dumako ang tingin niya sa verandah at doon na nakita ang difference. Nakabukas ang sliding glass door, ganoon din ang curtain nito. And a shadow of a topless guy leaning against the railing came into her view. Tumahip ang kanyang dibdib nang makilala ang tattoo nito.

“Ethan?”

Tumayo nang tuwid ang lalaki at lumingon sa kanya, sabay pitik ng sigarilyong hawak nito kung saan na lang. “Hello, Anika.”

“What the hell are you doing here? Paano ka

nakapasok dito? And why are you... why are you n-naked?” Muli ay di-sinasadyang bumaba ang paningin niya sa matipuno nitong dibdib pababa sa humpak na tiyan. His jeans didn't even reach his belly button at kita niya ang mga pinong balahibo na gumapang mula sa pusod nito pababa hanggang sa mawala iyon at napalitan ng waistband ng checkered nitong boxer shorts na nakalabas din sa suot nitong mababang itim na pantalon.

Gumuhit ang pamilyar na ngisi sa bibig nito and once again she blushed. She hated that grin but it didn't change the fact that it was one of the sexiest thing she had ever seen in a man. Nakataas nang bahagya ang kabilang sulok ng labi nito while his eyes were mischievously sparkling.

“It's hot, hindi ko mabuksan ang AC because I'm smoking,” walang anuman nitong sagot at pinasadahan siya ng tingin.

She felt herself flinch in total awareness of his criticizing looks. Hindi man lang ito nagdalawang-isip nang patagalin nito ang titig sa umbok ng kanyang dibdib, at bumalik sa kanyang mukha.

“You don't look like you just found out that your boyfriend is cheating on you...”

Walang babalang humakbang ito papalapit sa kanya. Gusto niyang umatras, pero tila natulos siya sa kinatatayuan nang nasa harapan na niya ito at maramdaman ang mainit nitong palad na humaplos sa kanyang pisngi. His manly musk mixed with the *Lucky Strike* cigarette sweetly assaulted her nostrils while the touch of his fingers sent flickering electricity down her toes.

“You look... revived...” Halos pabulong na lang iyon subalit malinaw niyang narinig dahil sa lapit ng bibig nito sa kanyang pisngi. “And beautiful as always... my sexy ballerina.” Mas inilapit pa nito ang mukha sa kanya and looked her straight in the eyes.

She was getting suffocated, not because of their physical distance but its effect on her. Hindi niya pa iyon nararamdaman sa kahit kaninong lalaki maging kay Andrew. It was breathtaking, exhilarating and... liberating. Bigla siyang nag-panic sa nararamdaman at mabilis na umatras.

“What do you care? At hindi mo pa sinasagot ang tanong ko, what are you doing here?”

Bumuntong-hininga ito at inabot ang itim na t-shirt na nakasampay sa couch. Naglakad ito papalapit sa sliding door at sinara iyon, pagkatapos ay lumapit sa air-conditioner at pinaandar ang makina.



Nang matapos ay saka pa lamang siya nito muling hinarap.

“I came here to say sorry in behalf of Andrew,” kulang sa emosyon nitong pahayag.

“You came all the way to Cebu para lang sabihin ’yan?” di-makapaniwalang tanong niya.

“Yeah, because I know that he loves you. At gusto ko ring malaman mo na iyon ang una at huling beses niyang ginawa ’yon. He told me you’ve been cold with him the past weeks, he felt down. His confidence was down the gutter kaya niya nagawa ang ginawa niya kagabi...”

“That’s not a valid excuse. Walang valid excuse sa nangyari. And you’ve heard me, I’m done with him.”

“Totoo ba ang sinabi mo? That you were already planning to break up with him even before today?” mapanuri nitong tanong.

“Yeah...” mabilis niyang sagot. “So really, you don’t have to do this. No matter what you or Andrew would do, hindi na mababago ang desisyon ko. And don’t believe that it really was your fault, si Andrew ang may katawan. Wala kang magagawa kung talagang ayaw niya. He wallowed in insecurity. He brought this to himself.

“Kung hindi niya sana ito ginawa then we would still be together. I might have a change of heart and decide to stay with him. But he did it, and it’s over, nothing’s going to change my mind anymore. So get out of my room, get out of my life. Ayaw na kitang makita kahit kailan as much as I don’t want to see Andrew for the rest of my life as well. Adios, Ethan.”

“You girls are just the same, one moment you’re head over heels in love, and the next, halos isuka ninyo ang lalaki.” Bumalik ang tingin niya kay Ethan nang dahil sa sinabi nito. Nagpatuloy ito. “This is a good call, I’m glad you broke up with him. Dahil sa nakikita ko, you really will break up with him, anyway, kahit pa hindi niya ito ginawa at kahit pa ibigay niya sa ’yo lahat ng gusto mo. You can never really be contented.”

Nagpantig ang tainga ni Anika sa sinabi nito. “How dare you say that! Ako ang biktima dito at ibinabalik mo sa akin ang kasalanan? Kung mayroon mang hindi makontento dito ay *ikaw* ’yun! Sino ba ang araw-araw kung magpalit ng karelasyon? Sino ba ang kung tumrato sa mga babae ay parang mga basahan na basta na lang itatapon kapag nagamit na?

“Don’t come clean on me, Ethan. I know your kind, at alam kong sinasabi mo lang ang mga ’to sa

akin to protect your best friend. Magsama kayong dalawa, pagtakpan n'yo ang mga kalokohan ninyo and you both can rot in hell for all I care.” Pagkatapos ay mabibilis ang hakbang na tinungo niya ang pinto at malapad itong binuksan. “Get the hell out of here...” malamig niyang utos dito.

Sarkastiko itong ngumiti at naglakad. “Until we meet again.”

“We will never... meet again.” At pabalibag na niyang isinara ang pinto nang makalabas ang lalaki.

Humihingal na pumasok siya ng banyo at nag-shower. Hindi niya magawang pahupain ang galit na nararamdaman niya para sa binatang kaaalis lang ng kanyang kuwarto. Ano ang karapatan nitong husgahan siya? Na para bang napakalinis nito, na para bang kilalang-kilala siya.

She felt so insulted. Hindi lang niya alam kung dahil ba iyon sa mga salitang binitawan ni Ethan o dahil nanggaling ang mga iyon sa bibig mismo nito. Why did she feel a strange pain in her heart sa pagkakaalam na masama ang tingin nito sa kanya?

She knew from the start that Ethan never liked her, but to hear it directly from him brought a weird sadness within her. Ang nakakatawa, mas

nalulungkot pa siya dahil doon kaysa sa pakikipag-break sa lalaking minahal sa loob ng isang taon.

Mas nilamigan niya ang shower. Masyado lang siyang nai-stress sa pangyayari. She was tired, she was depressed and she was pressured. Hindi niya na dapat pang pag-aksayahan ng oras na isipin si Ethan. She shouldn't care kung anuman ang isipin nito patungkol sa kanya. It's not like they're ever going to see each other again. And it's not like may magiging epekto sa buhay niya ang mga salita nito. Patuloy niyang iniisip iyon hanggang sa mahiga siya sa kama.

---

Ang isang buong linggo ay mabilis na lumipas. Namalayan na lamang ni Anika na patungo na siya sa bahay ng kanyang mga magulang. Tinawagan siya ng ina at sinabing dadalaw ito sa foundation upang siguruhing okay na ang lahat para sa anniversary nito sa darating na buwan. Papasok pa lamang ang kotse niya sa gate ay natanaw na niya si Ninna, ang kanyang ina na nasa portico ng mansyon at halatang inaabangan siya kasama ang kanyang tagapag-alaga mula noong sanggol pa lamang siya—ang kanyang Nana Esme.

“Welcome home, Baby!” Mahigpit na yakap

kaagad ang sinalubong sa kanya ng magulang nang makababa siya ng sasakyan.

“I’ve missed you, Mommy...” ganti niya.

“We missed you too...” Nakangiti ito nang bitiwang siya at mapagmahal siyang tinitigan. “Do you get enough sleep? Look... may eyebags ka; are you okay, Sweetie?” Pinadaanan nito ng mga daliri ang ibaba ng kanyang mga mata.

“I’m okay, Mom, napagod lang siguro sa presentation ng play...” paniniguro niya at nilingon ang nakangiting si Nana Esme at niyakap ito. “Kumusta ka na, Nana? Na-miss din kita...”

“Okay lang ako, Anak. Nagtatampo na ako sa ’yo. Aba’y nasa Maynila ka lang, eh, napakadalang mong bumisita dito sa amin.”

“Busy lang ho, huwag kayong mag-alala. Magiging maluwag ang schedule ko these coming days and I’ll spend a lot of time here.”

Napangiti ang matanda. “Mabuti naman. Halika na sa loob at magmerienda ka muna bago kayo umalis.”

“Gusto mo bang sumama? Baka gusto mo na lang magpahinga?” sabat ni Ninna.

“I’m fine, Mom. ’Tsaka, Nana, hindi rin ako gutom. I had a heavy brunch bago ako umalis ng condominium ko. Ipaghanda mo na lang kami ng masarap na dinner mamayang gabi.”

“Sigurado ka ba? Nangangayayat ka na...” hindi kumbinsidong salo ng matanda.

Napangiti siya. “Sigurado ho ako. Tara na, Mommy. Where’s Daddy?”

“Susunod na lang daw at may tinatapos pa sa opisina. ’Yung driver lang ang kasama natin.”

“Then let’s go!”

---

“How is Andrew nga pala?” biglang tanong ni Ninna na ikinalingon niya. Malapit na sila sa Antipolo kung saan naroon ang foundation na pupuntahan nila.

“Nag-break na ho kami, Mom.” Hindi na siya nagpaliguy-ligoy pa. Malalaman din naman ng mga ito, at talagang hindi siya nagsisinungaling sa mga magulang.

“What? Why? Ano’ng nangyari?”

“Let’s just say na we’re no longer happy with each

other,” safe niyang sagot.

“Are you okay?” Inabot ng kanyang ina ang kamay niya at hinaplos.

She smiled sincerely. “I am, Mommy, huwag kayong mag-alala. No tears whatsoever.”

“Andrew is a good kid, and as much as I’m not thrilled with your news ay masaya naman ako na hindi na kayo nagkasakitan.”

---

“Ate Anika!” Abot-tainga ang ngiti ni Billy nang makita siyang pumasok sa kuwarto nito.

“Hello, Billy Sweetheart... kumusta?” Hinalikan niya ito sa magkabilang pisngi at naupo sa gilid ng kamang kinahihigaan nito. Mas namumutla ito kumpara nang huli niyang makita at nakakalbo na rin dahil sa medications. Sa tingin pa niya ay mas lalong nangayayat ang bata na kung hindi lang dahil sa kislap ng mga mata nito ay aakalain niyang mahinang-mahina na ito.

“Okay lang ako, Ate. I take all my medicines and eat healthy foods,” proud nitong sagot.

“But you look so skinny, Sweetie...” Hindi maalis ang pag-aalala at awa sa kanyang tinig.

Inabot nito ang kanyang kamay at pinisil. “Huwag kang mag-alala, the doc told me na normal lang ’to. Babalik din ang dati kong katawan when I recovered. And I will get well, di ba?”

“Of course, Sweetheart. You will recover, I promise you that...”

Billy’s eyes beamed and a sweet smile escaped his lips. Pagkaraan ay naging thoughtful ang expression nito at muling nagsalita. “Ate, remember before when you told me that you know the *United We Rock’s* vocalist?”

Sandali siyang natigilan bago tumango. “Yes, why?”

Napuno ng paghanga ang mukha nito. “Nakakita ako ng ilang videos nila na nagpe-perform, I love their songs! P’wede mo ba silang imbitahang tumugtog dito sa anniversary?”

Nanlaki ang mga mata niya sa tinuran nito. “No, Billy. No, I’m sorry... we’re no longer friends,” matigas niyang tanggi, hindi pansin ang OA na niyang pag-iling-iling.

“Bakit? Ano’ng nangyari?” Nanamlay ang mukha nito.



Bigla siyang na-guilty at hinaplos ang pisngi ng payat na payat na bata. “Hindi na kasi kami nagkikita, Sweetheart. He’s always busy with his gigs, and I don’t even have his number.”

“Gan’un ba?” Tuluyan nang nawalan ng kislap ang mga mata nito at dumako ang paningin sa kawalan.

“I’m sorry...” Billy could ask for anything, huwag lang iyon. Hinding-hindi siya lalapit sa brutong lalaking iyon even if it were the end of the world. Ethan... was the lead vocalist of the said band. “Ask something else, Sweets. Baka magawan ko ng paraan.”

Umiling-iling ito at malungkot na ngumiti. “It’s okay...”

Hindi na ito nagsalita pa hanggang sa magpaalam siya. Sa lobby ay nakasalubong niya si Miriam na tagapangalaga ni Billy.

“How is he coping?” nag-aalala niyang tanong.

Malungkot na ngumiti ang babae. “He’s doing great. To be honest, hindi namin inaasahan na tatagal pa siya. Just few months ago ay halos masakop na ang buong utak niya ng cancer cells. But he’s such a fighter, he knows what he wants and it is to

*Sweet Temptation - Jade Anne Franco*

---

survive. Something is inspiring him, madalas nga ay naabutan namin siyang kumakanta... random songs.” Tumangu-tango ang ginang nang may pagmamalaki. “And you should hear him sing, he’s got a heartthrob voice... I just hope na magpatuloy ang positive outlook niya sa buhay hanggang sa tuluyan siyang gumaling. He needs it...”